13.12.025: ALTERNATIBONG PLANO SA PAGBABAYAD:

A. Ang Lungsod ay dapat mag-alok ng alternatibong plano sa pagbabayad sa isang customer ng serbisyo ng tubig sa ilalim ng ilang kalagayan at sa ilalim ng mga tuntunin at kondisyon na itinakda ng resolusyon ng konseho ng lungsod. Magiging kwalipikado ang isang customer para sa alternatibong plano sa pagbabayad kung ang lahat ng tatlo (3) sa mga sumusunod na kalagayan ay natutugunan:

   1. Handang pumasok ang customer sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad para sa lahat ng hindi pa nababayarang singil.

   2. Ang customer ay kasalukuyang walang pagkukulang sa anumang naunang umiiral na alternatibong plano sa pagbabayad sa ilalim ng seksiyong ito.

   3. Ang customer ay hindi pa nagkakaroon ng pagkukulang sa kanilang account para sa serbisyong munisipal nang higit sa animnapung (60) araw.

B. Kailangang sumunod ang customer sa plano sa pagbabayad at manatiling updated habang nadaragdagan ang mga singil sa bawat susunod na panahon ng paniningil. Hindi maaaring humiling ang customer ng karagdagang plano sa pagbabayad para sa anumang susunod na hindi nabayarang singil habang nagbabayad pa ng mga dating utang alinsunod sa kasalukuyang plano sa pagbabayad. Kapag nabigong sumunod ang customer sa mga tuntunin ng plano sa pagbabayad sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa, ibig sabihin, hindi naibigay ang buong napagkasunduang bayad para sa hindi nabayarang balanse sa kaniyang account, maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig alinsunod sa Seksiyon 13.12.020 C, sa abot ng pinahihintulutan ng batas.